

Pakikipag-usap sa mga Albertan tungkol sa bagong kurikulum ng araling panlipunan

Setyembre 18, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

Nagsisimula ang pamahalaan ng Alberta ng isang malinaw at pagtutulungang proseso upang hikayatin ang mga Albertan at mga kasosyo sa edukasyon na muling susulatin nang panibago ang kurikulum ng araling panlipunan ng kindergarten hanggang Baitang 6 (K-6).

Gamit ang mahalagang katugunan na ibinigay ng mga Albertan sa nakalipas na dalawang taon, muling susulatin nang panibago ng Alberta Education ang kurikulum ng araling panlipunan ng K-6 upang matiyak na ang nilalaman ay bubuo ng kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral, pinahuhusay ang mga pananaw ng Katutubo, multikultural at mga nagsasalita ng Pranses at naaangkop sa edad at pag-uunlad. Upang ipaalam ang proseso ng muling pagsusulat, ang ministeryo ay nakikipag-ugnayan sa mga Albertan at mga kasosyo sa edukasyon sa pamamagitan ng isang komprehensibo at dahan-dahang diskarte.

“Ang araling panlipunan ay isang kritikal na bahagi ng kurikulum ng K-12 ng Alberta, kaya naman ipinagmamalaki kong ipahayag ang isang bagong plano para makipag-ugnayan sa mga Albertan. Bilang ministro ng edukasyon, nakikita ko ang isang kurikulum sa araling panlipunan na magbibigay kapangyarihan sa mga mag-aaral na bumuo ng mahahalagang kasanayan sa buhay, tulad ng paglutas ng problema at kritikal na pag-iisip, habang pinalalakas ang kanilang kakayahang magpahayag ng mga ideya at maunawaan ang magkakaibang pananaw sa mundo. Kumpiyansa ako na ang proseso ng pakikipag-ugnayan na ito sa mga guro, mga magulang, Katutubo, Métis, multikultural at mga pinuno nagsasalita ng Pranses, mga eksperto sa paksa, mga lupon ng paaralan at mga iba pa ay

bubuo ng isang komprehensibong kurikulum na magtatakda sa ating mga mag-aaral para sa panghabambuhay na tagumpay."

Demetrios Nicolaides, Ministro ng Edukasyon

Mas maaga nitong tag-init, nakipagpulong ang ministro ng edukasyon sa iba't ibang mga kasosyo sa edukasyon upang bumuo ng pag-unawa sa bagong diskarte sa pakikipag-ugnayan at proseso para sa pagbuo ng kurikulum sa hinaharap.

Ang Alberta Education ay sisimulan ng susunod na yugto ng pakikipag-ugnayan at magtitipon ng impormasyon tungkol sa kung ano ang gusto ng mga Albertan na matutunan ng mga mag-aaral sa kurikulum ng araling panlipunan sa pamamagitan ng isang pagsisiyasat at gabay sa talakayan sa online, na makukuha hanggang Oktubre 16.

Ngayong taglagas, makikipagpulong ang Alberta Education sa mga kasosyo sa edukasyon, mga guro, mga multicultural na organisasyon, mga komunidad ng Katutubo at nagsasalita ng Pranses, at iba pang mga espesyalista sa edukasyon upang ipaalam ang pagbuo ng saklaw at pagkakasunud-sunod ng kurikulum ng K-12 araling panlipunan at ang nilalaman ng pagsulat ng K-6 kurikulum ng araling panlipunan. Ang saklaw at pagkakasunud-sunod ng kurikulum ay isang kagamitan sa pagpapalano para sa mga tagapag-buo ng kurikulum na nagbabalangkas sa pokus para sa pag-aaral ng mag-aaral mula kindergarten hanggang Baitang 12 at nagpapaalam sa pagbuo ng nilalaman ng kurikulum.

Sa unang bahagi ng 2024, sisimulan ng Alberta Education ang pampublikong pakikipag-ugnayan sa mga Albertan, kung saan magkakaroon sila ng pagkakataong magbigay ng katugunan sa mga pangunahing natutunan sa loob ng kurikulum ng araling panlipunan ng K-12 at tingnan ang pagsulat ng kurikulum ng araling panlipunan ng K-6 para magbigay ng karagdagang katugunan.

Sa buong 2024-25 taon ng paaralan, ang mga guro ay makakapagpasimula ng pinong pagsulat ng kurikulum ng araling panlipunan ng K-6 sa mga silid-aralan at makapagbibigay ng karagdagang katugunan bilang bahagi ng huling yugto ng pakikipag-ugnayan.

Ang pakikipagtulungan sa mga kasosyo sa edukasyon at mga Albertan sa iba't ibang yugto ng proseso ng pakikipag-ugnayan ay titiyakin na ang kanilang kaalaman at pananaw ay isinasaalang-alang sa tamang panahon. Ang naka-target na diskarte na ito ay magbibigay-daan sa pamahalaan na makarinig mula sa magkakaibang hanay ng mga kasosyo at gamitin ang kanilang kadalubhasaan para sa pagbuo at pagpapatupad ng kurikulum.

Mabilis na mga katotohanan

- Ang araling panlipunan ay isang lugar ng pinagsasamang paksa na kinabibilangan ng nilalaman tungkol sa kasaysayan, heograpiya, ekonomiya, pamahalaan at sibika. Ang edukasyon sa araling panlipunan ay maaaring bumuo ng mga aktibo, matalino at responsableng mamamayan na nag-aambag sa kanilang mga komunidad at may kaalaman sa mga karapatan, mga responsibilidad at paggawa ng desisyon.

Kaugnay na impormasyon

[Pagbabago ng kurikulum ng K hanggang baitang 6](#)